Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

FILE COPY
DATE: 6/7 ✓

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-26 NG MAYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO.................................... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr.................................... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar.................................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.................................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.................................... Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon.................................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas.................................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca.................................... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco.................................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.................................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.................................... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 113 T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 59-T'99 / KAUTUSAN SA KARAGDAGANG BADYET BLG. 03-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA INILALAAN ANG 5% WITHHELD INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG APAT NAPU'T ANIM NA LIBO, APAT NA RAAN AT LIMANG PISO (P46,405.00) BILANG KARAGDAGANG BADYET PARA SA MGA GUGULING TULAD NG UNIPORME NG SANGGUNIANG BARANGAY AT MGA KABALIKAT, GUGULING KAPITAL AT 20% DEVELOPMENT FUND.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 59-T'99/ Kautusan sa Karagdagang Badyet Blg. 03-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na naglalayong ilaan ang 5% Withheld Internal Revenue Allotment ng nasabing barangay na nagkakahalaga ng P46,405.00, ayon sa nakasaad sa itaas nito;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Louie C. De Leon, Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 59 T'99 / Kautusan sa Karagdagang Badyet Blg. 03 T'99 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na inilalaan ang 5% Withheld Internal Revenue Allotment (IRA) ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng apatnapu't anim na libo, apat na raan at limang piso (P46,405.00) bilang karagdagang badyet para sa mga guguling tulad ng uniporme ng Sangguniang Barangay at mga kabalikat, guguling kapital at 20% Development Fund.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: ______
DATE ______ 6-21
STA. CRUZ, LAGUNA